

# safehub

## **Safehub SEB-2001 Gabay sa Instalasyon**

Ang Safehub SEB-2001 na sensor device sa pagyanig ng lupa ay nagbibigay sa mga kliyente ng impormasyon sa pinsala ng lindol sa totoong oras at impormasyon na partikular sa gusali upang mapabilis ang pagtugon sa emerhensiya at pagbangon. Gamit ang madaling ikabit at abot-kayang mga sensor device na sinamahan pa ng makabagong data analytics, kinakalkula ng Safehub ang mga tinatayang pinsala sa indibidwal na mga gusali at portfolio sa loob ng ilang minuto pagkatapos ng isang lindol. Sa pamamagitan ng cloud-based Safehub Global Platform, ang mga may-ari ng gusali ay may agarang access sa maisasagawang datos, sa pamamagitan ng mga text/email alert upang mabigyan nila ng prayoridad ang mga pagsusuri sa gusali, sa pinagtutuunang pinagkukunan, at ituloy ang mga operasyon nang mabilis hangga't maaari.

Ang gabay sa instalasyon na ito ay nagbibigay ng impormasyon kung paano ikabit sa gusali ang Safehub sensor device sa pagyanig ng lupa. Bago ang instalasyon, dapat makipag-usap ang mga kliyente sa Safehub, o sa inhinyero ng kliyente, tungkol sa angkop na dami ng device na ikakabit sa gusali at sa pinakamagandang lokasyon ng mga device.

Binabanggit sa mga seksiyon sa ibaba ang mga kinakailangang hakbang upang magkabit ng isang Safehub device.


# Anong nasa Kahon

Ang Safehub device ay ipinapadala kasama ang sumusunod na mga parte:


- Safehub SEB-2001 device (1)
- SEB-2001 gabay sa instalasyon (1)
- Mounting bracket (1)
- 3/16" na barena (1)
- Mga pangkabit na turnilyo (2)
- AC/DC power adapter (1) — Kasama rin sa mga internasyonal na bersyon ang apat na iba-ibang plug adapter para sa iba-ibang internasyonal na outlet configuration.




SEB-2001 Device



Mounting Bracket



AC/DC Adapter



Mga turnilyo  
(2)



Barena

# Lalagyan ng Device

Bago ang instalasyon, dapat makipag-usap ang mga kliyente sa Safehub, o sa inhinyero ng kliyente, tungkol sa angkop na dami ng device na ikakabit sa gusali at sa pinakamagandang lokasyon ng mga device. Ang pagtukoy sa angkop na dami ng device ay batay sa nga salik tulad ng taas ng gusali at sa pagkakaroon ng iba't ibang mga iregularidad sa gusali, tulad ng mga balakid, malalawak na paligid, maraming mga dulo, atbp.

Sa karaniwan, para mga gusali na isa o dalawang palapag, isang device ang dapat ikabit sa pinakamababang bahagi ng gusali na may sapat na cellular na serbisyo. Para sa mga gusali na may tatlong palapag at higit pa, inirerekomenda ng Safehub ang pagkakabit ng dalawa o mas maraming device. Sa mga gusali na higit sa tatlong palapag, isang device ang dapat ikabit sa pinakamababang bahagi ng gusali na may sapat na cellular na serbisyo at isa pa ang dapat ikabit sa pinakamataas na palapag na maaari.

Hinihiling sa mga kliyente na ipaalam sa Safehub ang lokasyon ng mga ikinabit na device, kabilang: ang palapag, ang taas mula sa sahig, eksaktong pinagkabitang bawat device (direksiyon kung saan nakaharap ang mga letra na "Safehub", sa degree; ang 90 degrees ay silangan), at anumang ibang paglalarawan na tumutukoy sa lokasyon ng device para sa reperensya ng kliyente. Halimbawa, "Sa ikatlong palapag na pasilyo na katapat ng Mr. Knoll's Office /suite", ito ay angkop nag paglalarawan ng lokasyon.

Inirerekomenda ng Safehub na gamitin ang mga sumusunod na gabay kapag ikinakabit ang device.

- Ang mas mainam na lokasyon para sa bawat device ay sa isang dingding sa labas o bahagi ng istraktura (e.g. haligi na puwede sa mabigat).
- Ilagay ang bawat device katabi ng isang power outlet, mas mabuti kung ang outlet ay HINDI kinokontrol ng switch. Kapag napili na ang lokasyon, tingnan ang seksiyon sa ibaba na my pamagat na "Subukan ang Cellular na Koneksiyon" upang matukoy ang lakas ng signal ng cellular sa napiling lokasyon.
- Ito ay inirerekomenda na, kung posible, na isaksak ang device sa isang outlet na kontektado sa emergency power (outlet na kulay pula).
- Dapat nakalinya ang maraming device hangga't maaari, ibig sabihin ay nakakabit ang mga ito sa parehong lokasyon sa bawat palapag.
- Kinakailangan *na* ang bawat device ay nakakabit nang patayo.

# Hakbang sa Instalasyon ng Hardware

Ang Safehub device ay maaaring ikabit gamit ang hakbang na inilalarawan sa sumusunod na mga sub-seksiyon.

## Lokasyon ng Device

Hanapin ang pinamagandang lokasyon para sa device tulad ng inilalarawan sa itaas.

## Tanggalin ang Laman ng Kahon

Buksan ang kahon at tanggalin ang mga laman. Tiyakin na lahat ng laman ay naroroon tulad ng sinabi sa 'Anong Nasa Kahon' na seksiyon sa itaas.

## Subukan ang Wall Outlet

Bago ikabit ang mounting bracket, subukan ang wall outlet sa pagsasak ng isang dulo ng AC/DC adapter sa saksakan sa kaliwang bahagi ng device at ang kabilang dulo sa wall outlet. May tatlong ilaw sa device. Ang ilaw sa pinakakanan ay dapat kulay puti na nagsasabing may kuryente na sa device. Kung hindi lumiliwanag ang ilaw, tingnan ang Troubleshooting na seksiyon sa ibaba.

## Subukan ang Cellular na Koneksiyon

Upang subukan ang cellular na koneksiyon sa nais na lokasyon, inirerekomanda na, bago subukan ang device, titingnan muna ng gumagamit ang lakas ng cellular na koneksiyon sa lokasyon gamit ang kanyang cell phone.

Upang subukan ang cellular na koneksiyon ng device, pindutin ang power on/off button sa likuran nito nang humigit-kumulang dalawang segundo para i-on. Ang pinakakaliwang ilaw ng device ay dapat magkulay berde kapag nagkaroon na ng magandang cellular na koneksiyon. Kung ang ilaw ay pula/orange, inirerekomenda na maghanap ng ibang lokasyon para sa device. Ulitin ang prosesong ito hanggang magberde ang pinakakaliwang ilaw. Tandaan na maaaring umabot ito nang hanggang dalawang minuto upang magkaroon ng cellular na koneksiyon.


## Maghanda Para sa Pagkakabit

Pumili ng lokasyon na mga 3 pulgada sa kanan ng power outlet.

## Iposisyon ang Mounting Bracket

Ipasok ang 3/16" na barena (kasama) sa isang butas (hindi kasama). Habang hawak ang mounting bracket na nakadikit sa dingding sa nais na lokasyon, hanapin ang butas para sa turnilyo sa itaas at ibaba ng mounting bracket. Gagamitin ang mga butas na ito para bumarena sa dingding.

Habang hinawakan nang mahigpit ang bracket sa tamang lugar, bumarena sa dingding sa mga butas na nasa itaas at ibaba. Tingnan ang larawan sa ibaba.




## Bumarena sa mga Butas ng Mounting Bracket

Kung hindi puwedeng barenahan ang bahaging pagkakabit sa dingding, inirerekomenda ng Safehub na gumamit ng epoxy para ipadikit ang bahaging idinidikit sa dingding. Tingnan ang Troubleshooting na seksiyon para sa higit pang impormasyon.

## Siguruhing Matibay ang Mounting Bracket sa Dingding

Tiyakin na ang "Sa Itaas ang Bahaging Ito" na arrow sa bracket ay nakaharap sa itaas at ang bracket ay nakaposisyon nang tuwid sa itaas at ibaba. Gamit ang dalawang turnilyo na pangkabit (kasama) at isang Philips-head screwdriver (hindi kasama), siguruhing ligtas ang mounting bracket sa dingding gamit ang binarenahan ng mga butas sa itaas at ibaba ng bracket.




**Siguruhing Matibay ang Mounting Bracket sa Dingding**

## Ikabit ang Device sa Mounting Bracket

Ilagay ang mga pangkabit na butas sa likuran ng Safehub device sa mga tab na nasa mounting bracket at i-slide ang device pababa hanggang sa mailagay ito nang mabuti. Dapat makarinig ka ng isang "click" kapag nailagay na nang maayos ang device.

Huwag ipilit ang Safehub device sa bracket. Kung hindi madaling mag-slide ang device sa tamang lugar o walang "click" na narinig, tingnan ang posisyon ng device. Tingnan ang larawan sa ibaba. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Troubleshooting na seksiyon.




**Ikabit ang Safehub Device sa Mounting Bracket**

## **Ikonekta ang Power Adapter**

Isaksak ang isang dulo ng power adapter sa dingding, at ang kabilang dulo sa saksakan ng kuryente sa kaliwang bahagi ng Safehub device. Tingnan ang larawan sa ibaba.

Ang pinakakanang ilaw sa harapan ng device ay dapat magkulay puti kaagad, na nagsasabi na maganda ang koneksiyon ng kuryente.

Pagkatapos ng 1 o 2 minuto, ang pinakakaliwang ilaw sa harapan ng device ay dapat magkulay berde, na nagsasabi ng magandang cellular na koneksiyon. Kung hindi mangyayari ang alinman sa mga ito, tingnan ang Troubleshooting na seksiyon sa ibaba.



**Ipasok ang AC/DC Adapter sa Safehub**



## Pagpapaandar ng Device

Sa sandaling naikabit na ang device at may kuryente na gamit ang mga hakbang sa itaas, ang device ay gagana na at awtomatikong magkakaroon ng cellular na koneksiyon. Tandaan na maaaring hanggang dalawang minuto pa bago lumabas ang cellular na koneksiyon.


Kung gumagana nang tama ang device, ang LED sa harapan ng device ay dapat kamukha ng sumusunod. Tingnan ang larawan sa itaas para sa eksaktong lokasyon ng mga LED na ito.

- Pinakakaliwang LED: Cellular na koneksiyon. Dapat berde ang LED na ito. Kung ito ay pula/orange, tingnan ang Troubleshooting na seksiyon.
- Gitnang LED: Status na baterya. Ang Safehub device ay mayroong baterya sa loob na rechargeable. Magagamit ang bateryang ito sa mga sitwasyong nawala ang kuryente sa outlet. Kapag nakasaksak ang device sa dingding, ang baterya ay nagcha-charge. Kapag puno na ang baterya, ang ilaw ay berde. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Troubleshooting na seksiyon sa ibaba.
- Pinakakanang LED: Koneksiyon sa kuryente. Dapat puti ang LED na ito para magsabi ng magandang koneksiyon sa kuryente. Kung hindi ito puti, tingnan ang Troubleshooting na seksiyon.

## Pagkalas ng Device mula sa Mounting Bracket

Sa ilang mga kaso, maaaring kinakailangan na palitan ang lokasyon ng device sa loob ng gusali o ilipat-lipat ang device sa mga gusali. Sa mga kasong ito, kinakailangang kalasin ang device.

Upang kalasin ang device mula sa mounting bracket, unang kalasin ang power adapter mula sa device. Pagkatapos hawakan ang device mula sa ibaba at itulak paitaas hanggang matanggal ito mula sa mounting bracket. Upang i-off ang device, pindutin at huwag bitawan ang button sa likuran ng device nang humigit-kumulang dalawang segundo. Tingnan ang larawan sa ibaba.



Pindutin at huwag bitawan hanggang sa ma-off ang device (~2 seg).

### **Pag-off ng Safehub Device**

Kapag iilipat ng lokasyon ang device, kinakailangan na tanggalin din ang AC/DC adapter at mounting bracket para ikabit sa bagong lokasyon.


# Troubleshooting

Inilalarawan sa seksiyong ito ang ilang mga troubleshooting tip.

## Hindi Kayang Barenahan ang Dingding

Depende sa paraan ng pagkakagawa ng gusali, maaaring hindi posibleng bumutas sa dingding para sa mounting bracket.

Isang opsyon ay gumamit ng epoxy. Sa likod ng mounting bracket, maglagay ng kaunting epoxy sa mga bahaging ipinapakita sa larawan sa ibaba. Ipadikit ang mounting bracket sa tamang lugar at hawakan nang mahigpit hanggang sa tumigas ang epoxy. Tingnan ang likod ng lalagyan ng epoxy para sa oras ng pagpapatigas.



**Pagpapatikit ng Mounting Bracket Gamit ang Epoxy**

## **Hindi Maipasok ang Device sa Mounting Bracket**

Ang mounting bracket ay may mga tab sa itaas at ibaba na aakma sa mga butas na nasa likuran ng device. Kung nahihirapan kang ipasok ang Safehub device sa mounting bracket, tingnan ang sumusunod:

- Tingnan ang mga butas na pagkakabit sa likuran ng device upang matiyak na walang nakaharang.
- Tingnan ang mga tab sa mounting bracket upang matiyak na walang sira ang mga ito.
- Tiyakin na naipasok nang lubos ang mga turnilyo sa dingding na ang ulo ng turnilyo ay nakabaon nang maayos sa mga butas ng mounting bracket.

Tiyakin na ang mga tab ng mounting bracket ay nakaakma sa mga butas na pagkakabit sa likuran ng device. Kapag nakaakma ang mga ito at ang likuran ng device ay dumidikit sa mounting bracket, marahang hilahin pababa ang device hanggang sa mailagay ang device sa tamang puwesto.

## **Pula ang LED ng Cellular na Koneksiyon**

Kung nasunod ang hakbang ng instalasyon isa itaas at natukoy na ang lokasyon ng device ay may magandang cellular na signal at berde ang LED sa una, ibig sabihin ng pulang LED ng cellular na koneksiyon ay maaaring nawala ang cellular network.

Para subukan kung ito nga ang nangyari, kalasin ang power adapter mula sa device at tanggalin ang device mula sa mounting bracket gamit ang hakbang sa pagkalas sa itaas. Ang device ay dapat nananatiling naka-on at mauubusan ng baterya. Pagkatapos pumunta sa ibang lokasyon ng gusali upang makita kung ang LED ay napalitan ng berde.

Bukod pa, maaaring mabilis na subukan ng gumagamit ang koneksiyon ng cell sa lokasyon gamit ang kanyang cell phone.

## **Hindi Berde ang LED ng Baterya**

Kung ang LED ng baterya (gitnang LED sa harapan ng device) ay dilaw o pula, ibig sabihin nito na ang rechargeable na baterya ay kaunti na lang (dilaw), o ubos na (pula). Tiyakin na ang pinakakanang power LED ay puti upang masiguro na may kuryente sa device.

Posible na ang power outlet ay kinokontrol ng switch at ang switch ay ini-OFF, kaya ang Safehub device ay gumagana gamit ang kuryente ng baterya. Kung ito ang nangyari, i-on ang switch para ibalik ang kuryente sa outlet. Ang baterya ay dapat i-charge, at ang ilaw ay magiging berde.

Kung sa tingin mo ay hindi gumagana nang maayos ang baterya, kumontak sa Safehub para sa tulong gamit ang impormasyon sa pagkontak sa likod ng dokumentong ito.

## **Hindi Lumiliwanag ang Power LED**

Ang power LED ay ang pinakakanang LED na nasa harapan ng device. Ang LED na ito ay maaaring kulay puti, o naka-off depende kung ginagamit ang kuryente.

Kung ang power LED ay dating puti ngunit naka-off ngayon, tiyakin na ang outlet ay hindi kinokontrol ng isang switch na ini-off. Kung mangyayari ito, uubusin ng device ang baterya at ang LED ng baterya ay magpapalit ng kulay habang nauubos ito. Ibalik ang kuryente sa outlet. Ang pinakakanang LED ay dapat magkulay puti.

Tandaan na ang device ay magbi-beep kung ito ay nadiskonekta mula sa suplay ng kuryente.

## **Mga Pagsasaalang-alang sa Kaligtasan**

Inirerekomenda ng Safehub na sundin ang sumusunod na mga kinakailangan sa kaligtasan kapag nagkakabit ng produktong ito:

- Huwag ikabit ang produktong ito sa isang lugar na maaaring malantad ito sa tubig.
- Huwag ikabit ang produktong ito katabi ng pinagmumulan ng init tulad ng heater sa kuwarto o sa tubo ng heater.
- Huwag ikabit ang produktong ito kung saan malalantad ito sa direktang sikat ng araw.
- Huwag ikabit ang produktong ito sa lugar na punung-puno ng elektrikal dahil maaaring makaapekto ito sa koneksiyon sa cellular network.
- Ang produktong ito ay ginawa para lamang sa mga lugar na nasa loob. Huwag ikabit ang produktong ito sa labas.

# Pagsunod sa mga Pamantayan

Sumusunod ang produktong ito sa sumusunod na mga pamantayan.

## United States



Federal Communications Commission (FCC) Class A. Ang device na ito ay sumusunod sa Part 15 ng FCC Rules at sa Industry Canada license-exempt RSS na (mga) pamantayan. Ang paggamit ay nasa ilalim ng sumusunod na dalawang kondisyon: 1) Ang device na ito ay maaaring hindi magdulot ng nakakasamang interference 2) Ang device na ito ay dapat tumanggap ng anumang interference, kabilang ang interference na maaaring magdulot ng hindi kanais-nais na paggamit.

Le présent appareil est conforme aux CNR d'Industrie Canada applicables aux appareils radio exempts de licence. L'exploitation est autorisée aux deux conditions suivantes: 1) l'appareil ne doit pas produire de brouillage, et 2) l'appareil doit accepter tout brouillage radioélectrique subi, même si le brouillage est susceptible d'en compromettre le fonctionnement.

Ang kagamitang ito ay sinubok at napatunayang sumusunod sa mga limitasyon para sa isang Class B digital device, alinsunod sa Part 15 ng FCC Rules. Idinisenyo ang mga limitasyong ito para magbigay ng makatuwirang proteksiyon laban sa nakakasamang interference sa residensyal na instalasyon. Ang kagamitang ito ay naglalabas, gumagamit, at kayang magsaboy ng radio frequency energy, at kung hindi ikinabit at ginamit alinsunod sa mga instruksiyon, ito ay maaaring magdulot ng nakakasamang interference sa mga komunikasyon sa radyo. Ngunit, walang garantiya na hindi mangyayari ang interference sa isang partikular na instalasyon. Kung ang kagamitang ito ay magdudulot ng nakakasamang interference sa kuha ng radyo o telebisyon, na maaaring matukoy sa pag-off at pag-on ng kagamitang ito, hinihikayat ang gumagamit na subukang iwasto ang interference sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan: 1) Ilipat ang Safehub device 2) Kumunsulta sa dealer para sa tulong.

Ang kagamitang ito ay sumusunod sa mga limitasyon sa pagkalahantad sa radyasyon ng FCC na itinakda para sa isang hindi kontroladong kapaligiran. Ang gumagamit ay dapat sumunod sa mga espesipikong instruksiyon sa paggamit para matugunan ang pagsunod sa pagkalahantad sa RF. Ang transmitter na ito ay hindi dapat ilagay sa parehong lokasyon o ginagamit kasama ng anumang ibang antenna o transmitter. Idinisenyo ang device upang maabot ang mga kinakailangan para sa pagkalahantad sa mga radio wave na itinakda ng Federal Communications Commission (USA). Itinatakda ng mga kinakailangang ito ang SAR limit na 1.6 W/kg na aberdis higit sa isang gramo ng tisyu ng katawan.

Ang ginawang pagpapalit o pagbabago sa kagamitang ito nang walang hayagang pag-apruba ng Safehub Inc. ay maaaring magpawalang-bisa sa awtorisasyon ng FCC na gamitin ang kagamitang ito.

## International



## International Electrotechnical Commission (IEC)

Idinisenyo at sinubok ang produktong ito upang sumunod sa International Electrotechnical Commission (IEC) 60950-1 na pamantayan para sa kaligtasan ng Information Technology Equipment. Ang aplikasyon ng pamantayang ito ay nilayong bawasan ang panganib na masaktan o mapinsala dahil sa mga sumusunod na panganib: pagkakuryente, may kaugnayan sa enerhiya, sunog, mekanikal at radyasyon.

Ang Safehub device ay idinisenyo upang pagbabain ang mga panganib na ito kapag ito ay ikinabit at ginamit ayon sa mga instruksiyon na nasa dokumentong ito at ayon sa karaniwang nakikitang mga hakbang sa kaligtasan. Sundin ang lahat ng babala sa dokumentong ito habang binubuksan, ikinakabit, ginagamit, kinukumpuni, tinatanggal, o muling binabalot ang device na ito.

Ito ay isang Information Technology Equipment (ITE) device, na angkop para gamitin sa mga komersiyal na opisina, mga kuwarto ng computer, at kaugnay na mga komersiyal na pasilidad. Maaaring hindi ito angkop para sa ibang mga uri ng kasulidang kabilang ang piling uri ng residensyal, industriyal, at medikal na mga kapaligiran, ngunit hindi limitado sa mga ito. Kung may anumang pag-aalinlangan tungkol sa pagkaangkop ng device para magamit sa isang partikular na lokasyon, kontakin ang Safehub.

## Limitadong Warranty sa Hardware ng Safehub

ANG LIMITADONG WARRANTY NA ITO AY NAGLALAMAN NG MAHAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG MGA KARAPATAN AT OBLIGASYON, PATI NA ANG MGA LIMITASYON AT EKSKLUSYON NA NAIKAKAPIT SA IYO.

Ginagarantiya ng Safehub Inc. ("Safehub," "kami," "amin" o "namin") na ang sensor hardware at kalakip na software nito (ang "Mga Produkto") ay walang mga depekto sa materyales at pagkakagawa, tulad ng nakasaad sa dokumentong ito at alinsunod sa nakalathang dokumentasyon ng gumagamit ng Safehub, sa loob ng tatlong (3) taon mula sa petsa ng pagkatanggap (ito "Limitadong Warranty").

Ang Limitadong Warranty na ito ay may bisa lamang at maipatutupad sa mga lokasyon na ang Mga Produkto ay ipinamahagi ng Safehub at ng mga awtorisadong reseller nito at maikakapit lamang bumili ka ng Mga Produkto mula sa Safehub o sa isang awtorisadong reseller. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi maikakapit kung alinman sa numero ng seryal o label para serbisyo ng Safehub ay tinanggal o binura. Hindi ginagarantiya ng Limitadong Warranty na ito na ang paggamit ng Mga Produkto ay hindi mapuputol o walang mali. Dagdag pa, ang Limitadong Warranty na ito ay hindi maikakapit sa pinsala o mga depektong dulot ng normal na pagkasira; mga sanhing hindi dahil sa mga depekto sa paggawa at/o mga depekto sa materyales; pagkuha ng serbisyo maliban sa mga taong awtorisado ng Safehub; pagkalas ng mga parte; kawalan ng pagpapanatili o serbisyo sa Produkto na alinsunod sa maikakapit na dokumentasyon; mga aksidente o kapabayaang paggamit ng Produkto; pag-abuso o hindi tamang paggamit ng Produkto; pagkakaroon ng lupa, natapunan ng mga likidong bagay, tubig, nasunog o anumang ibang bagay sa loob ng Produkto; mga pagtaas o pagbaba ng boltahe sa network o koneksiyon ng Produkto sa mga network na ang boltahe ay hindi tumutugon sa nakalista sa gabay ng instalasyon; o pinsala na dulot ng anumang hindi kontroladong pangyayari o gawa ng Diyos, at, sa pangkalahatan, anumang pangyayari na labas sa makatuwirang kontrol ng Safehub, kabilang ang, pinsala na dulot ng mga baha, lindol, sunog, bagyong may kulog, bagyong may kidlat, pagkaumpog, o maling pagdadala para ilipat.

Upang gumawa ng paghahabol sa ilalim ng Limatadong Warranty na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa aming departamento para sa serbisyo sa kustomer sa [customerservice@safehub.io](mailto:customerservice@safehub.io) at ibigay ng iyong pangalan, impormasyon sa pagkontak at numero ng seryal at label ng serbisyo na nasa iyong Produkto. Kinakailangan na iyong ipadala ang Produkto sa Safehub, sa pasilidad o adres na ibinigay ng Safehub, at susubukin ng Safehub ang produkto at patutunayan kung totoo ang paghahabol. Sa kaso ng napatunayang paghahabol, ang Safehub, sa tanging pagpapasya nito at sa lawak na pinahihintulutan ng batas, ay aayusin ang iyong Produkto gamit ang bago o luma ngunit inayos na mga piyesa o palitan ang iyong Produkto ng bago o luma ngunit inayos na Produkto na kahit paano ay katumbas ng sa iyo. Kung aayusin o papalitan ng Safehub ang Mga Produkto, ang inayos o pinalitang Mga Produkto ay patuloy na may warranty sa ilalim ng Limitadong Warranty na ito para sa natitirang panahon lamang ng orihinal na warranty.

ANG LIMITADONG WARRANTY NA ITO AY ANG TANGING HAYAGANG WARRANTY NA IBINIBIGAY NG SAFEHUB PARA SA MGA PRODUKTO AT, SA SUKDULANG LAWAK NA PINAHIHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, ANG REMEDYO NA NAKASAAD DITO AY ANG IYONG TANGING REMEDYO. SA SUKDULANG LAWAK NA PINAHIHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, HAYAGANG ITINATANGGI NG SAFEHUB ANG LAHAT NG IBANG WARRANTY AT KONDISYON SA ANUMANG ANYO, AYON MAN SA BATAS O IPINAHIIHWATIG, NA NAGMUMULA SA PARAAN NG PAGKILOS O HINDI KAYA AY, MAY KINALAMAN SA MGA PRODUKTO. SA SUKDULANG LAWAK NA PINAHIHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, HINDI MANGYAYARI NA ANG SAFEHUB, MGA KAAKAPIT, MGA AHENTE, MGA DIREKTOR, MGA EMPLEYADO, MGA TAGASUPLAY O TAGABIGAY NG LISENSYA AY MANANAGOT SA ANUMANG MGA PINSALA NA DIREKTA, DI-DIREKTA, MAY KAPARUSAHAN, NAGKATAON, ESPESYAL, MAIDUDULOT, KABILANG ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA MGA PINSALA SA PAGKAWALA NG KITA, SA GOODWILL, SA PAGGAMIT, SA DATOS O IBANG MGA PAGKAWALA, NA RESULTA NG PAGLABAG SA LIMITADONG WARRANTY NA ITO O ANG PAGGAMIT, O KAWALAN NG KAKAYANG GUMAMIT NG, MGA PRODUKTO. WALANG EMPLEYADO NG SAFEHUB O KINATAWAN O MGA KAAKAPIT O ANUMANG IKATLONG PARTIDO ANG AWTORISADONG GUMAWA NG ANUMANG PAGBABAGO, PAGPAPALAWIG O PAGDARAGDAG SA LIMITADONG WARRANTY NA ITO O ANUMANG BAHAGI NG KASUNDUANG ITO. KUNG ANUMANG TUNTUNIN NG LIMITADONG WARRANTY NA ITO AY ITINUTURING NA ILEGAL O HINDI MAIPATUTUPAD, ANG NATITIRANG MGA TUNTUNIN SA LIMITADONG WARRANTY NA ITO AY MANANATILING MAY BUONG PUWERSA AT BISA.

HINDI PINAPAYAGAN SA ILANG MGA ESTADO, PROBINSYA O HURISDIKSYON ANG EKSKLUSYON O LIMITASYON NG PARTIKULAR NA IPINAHIIHWATIG NA MGA WARRANTY O NAGKATAON O NAGRESULTANG MGA PINSALA, KAYA MAAARING HINDI MAIKAKAPIT SA IYO ANG MGA LIMITASYON AT EKSKLUSYON SA ITAAS. ANG KASUNDUANG ITO AY NAGBIBIGAY SA IYO NG MGA ESPESIPIKONG LEGAL NA KARAPATAN, AT MAAARING DIN NA MAY IBA KANG MGA KARAPATAN NA IBA-IBA SA BAWAT HURISDIKSYON. ANG MGA PAGTATANGGI, EKSKLUSYON, AT LIMITASYON NG PANANAGUTAN SA ILALIM NG KASUNDUANG ITO AY HINDI MAIKAKAPIT SA LAWAK NA IPINAGBABAWAL NG NAAANGKOP NA BATAS.

## Impormasyon sa pagkontak:

Adres: 2122 Bryant St., San Francisco, CA 94110

Web: [www.safehub.io](http://www.safehub.io)

Email: [customerservice@safehub.io](mailto:customerservice@safehub.io)